



**Para sa Mga Negosyo at Organisasyon sa Komunidad
na Hindi para sa Pangangalagang Pangkalusugan:
Ang Dapat Gawin Kung Mayroong May COVID-19 sa Lugar ng Trabaho**
Na-update noong March 10, 2021

Ang gabay na ito ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa lokal na paggamit. Ipo-post ito sa <http://www.sfdcp.org/businesses> sa ilalim ng *Mga Negosyo at Employer*.

Mga update mula sa 2/11/2021 na bersyon:

- Na-update ang impormasyon ng bakuna at CA Notify
- Mga link sa Mga Outbreak at ang Nakalantad na Lugar ng Trabaho ng Cal/Osha

Simula sa Agosto 17, 2020 na bersyon ng gabay na ito, nagbago ang mga sumusunod:

- Na-update ang kahulugan ng “mga close contact” alinsunod sa mga alituntunin ng Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
- Na-update ang listahan ng mga sintomas ng COVID-19 para isama ang pagduruwal at pagsusuka
- Na-update ang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng pag-quarantine alinsunod sa mga iniaatas ng California (10 araw na ang minimum)
- Nagdagdag ng impormasyon ng bakuna
- Pinalawak ang Mga Madalas Itanong

AUDIENCE: Mga negosyo, kumpanya, opisina, relihiyosong grupo, at katulad na organisasyon. (Ang mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan at unang tagaresponde ay dapat sumangguni sa kanilang opisina para sa kaligtasan sa trabaho para sa gabay, at magbasa ng partikular na impormasyong naka-post sa <http://www.sfdcp.org/covid19hcp> sa ilalim ng *Mga Pagkakalantad sa Pangangalagang Pangkalusugan*).

NALALAPAT KAPAG: Isa o higit pang indibidwal mula sa organisasyon ang may COVID-19. Ibig sabihin, nagpositibo sila sa COVID-19 o na-diagnose sila ng kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan na mayroon silang COVID-19.

Ipinapaalala ng [Utos na Manatili sa Bahay](#) sa mga negosyong huwag papasukin ang empleyado kung nagpositibo siya sa virus na nagdudulot ng COVID-19 o kung nakakaranas siya ng mga sintomas ng COVID-19. Kung ang taong nakumpirmang may COVID-19 ay wala sa lugar ng trabaho sa loob ng 48 oras bago magsimula ang mga sintomas o habang mayroon siyang mga sintomas, hindi nalalapat ang mga tagubilang ito at walang espesyal na rekomendasyon para sa pag-quarantine o pag-disinfect.

Kasama sa mga sintomas ng karamdamang dulot ng COVID-19 ang:

- Lagnat na hindi bababa sa 100.4° Fahrenheit
- Panlalamig o paulit-ulit na panginginig/pangangatog
- Ubo
- Pangangapos ng hininga
- Nahihirapang huminga
- Pananakit ng lalamunan
- Pananakit ng mga kalamnan
- Sakit ng ulo
- Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo
- Pagduruwal, pagsusuka, o pagtatae
- Tumutulong sipon o baradong ilong
- Bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy

Mahalagang puntong kailangang malaman ng mga employer kapag nagpositibo sa COVID-19 ang isang empleyado

- Panatilihin ang pagiging kumpidensyal gaya ng iniaatas ng Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA). Huwag ipaalam ang pagkakakilanlan ng taong ito sa kahit na sino sa iyong lugar ng trabaho.
- Tiyakin sa iyong mga empleyado na hindi pinapayagan ang mga employer na tanggalin o disiplinahin ang mga empleyado o bawasan ang kanilang oras para sa pananatili sa bahay kung magpopositibo sila at kung hihilingin sa kanilang mag-quarantine o mag-isolate para sa COVID-19.
- Inirerekomenda ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco sa mga employer na huwag hingan ng tala o muling pagsusuri ang isang empleyado matapos niyang mag-isolate o mag-quarantine.

Mga Tagubilin

- **Mangalap ng impormasyon.** Tanungin ang empleyadong na-diagnose na may COVID-19 kung sinong mga empleyado ang nalantad sa kanya **48 oras** bago siya magkaroon ng mga sintomas. Tukuyin (a) ang huling araw kung kailan pumasok ang nahawahang indibidwal sa lugar ng trabaho, at (b) ang araw kung kailan nagsimula ang mga sintomas niya.
- **Tukuyin ang mga close contact.** Ang close contact ay isang taong nasa loob ng 6 na talampakan mula sa isang taong may COVID-19 sa loob ng isang yugto ng panahon na kung pagsasama-samahin ay hindi bababa sa 15 minuto sa loob ng 24 na oras, na mayroong mask o wala, noong nakakahawa ang taong iyon. Itinuturing na nakakahawa ang mga taong may COVID-19 simula 48 oras bago magsimula ang kanilang mga sintomas hanggang sa 1) hindi bababa sa 24 na oras na silang walang lagnat, 2) bumuti na ang kanilang mga sintomas, AT 3) hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula noong magsimula ang kanilang mga sintomas. Kung hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas ang taong may COVID-19, ituturing siyang nakakahawa simula 48 oras bago ang kanyang pagsusuring nagkumpirmang mayroon siyang COVID-19 hanggang sa 10 araw makalipas ang petsa ng pagsusuring iyon. **Kung 3 o higit pang empleyado ang magpopositibo sa loob ng 2 linggo, tumawag sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan sa 415-554-2830.** Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang <http://sfcdcp.org/closecontact>
- **Panatilihin ang pagiging kumpidensyal.** Huwag ihayag ang pagkakakilanlan ng may sakit sa sinumang nasa lugar ng trabaho. Hangga't possible, gumamit lang ng magagamit nang impormasyon para tukuyin ang mga nagkaroon ng close contact sa may sakit. Huwag ibunyag ang pagkakakilanlan ng taong may sakit sa iyong pagsisikap na tukuyin ang mga close contact.
- **I-quarantine ang mga close contact.** Ang sinumang nagkaroon ng close contact sa taong na-diagnose na may COVID-19 ay dapat ibukod sa lugar ng trabaho. **Dapat** manatili sa bahay ang **mga close contact nang hindi bababa sa 10 araw** pagkatapos ng kanilang huling contact sa naimpeksyong indibidwal. Itinuturing itong “pag-quarantine.” Kung magkakaroon ng COVID-19 ang empleyado sa panahon ng pag-quarantine, kakailanganin niyang “mag-isolate.”
 - Ibigay ang [Mga Alituntunin sa Pag-isolate at Pag-quarantine sa Bahay](#) sa mga taong natukoy bilang Mga Close Contact.
 - Lubos na inirerekomenda ng SFDPH na [magpasuri](#) ang mga close contact na walang sintomas hindi bababa sa 6 na araw pagkatapos ng huling contact.

- **Hilingin sa iba pang empleyado na subaybayan ang kanilang sarili.** Ang iba pang nasa lugar ng trabaho pero hindi natukoy bilang close contact ay dapat payuhan na subaybayan ang sarili para sa mga sintomas sa loob ng 10 araw pagkatapos ng huling araw na nasa trabaho ang taong na-diagnose na may COVID-19. Kung magkakaroon sila ng [mga sintomas](#), dapat silang manatili sa bahay at magpasuri, at makipag-ugnayan sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan.
 - Ibigay ang Pangkalahatang Paunawa para sa Pagkakalantad sa lahat ng natukoy na Close Contact, na available sa www.sfcddcp.org/covid19 sa ilalim ng Mga Negosyo at Employer.
 - Patuloy na i-screen ang lahat ng empleyado bago sila magsimulang magtrabaho bawat araw, gamit ang Attachment para sa Screening ng Mga Tauhan.
- **Maglinis at mag-disinfect nang maayos.** Tingnan ang gabay ng CDC sa [mga pag-iingat para sa paglilinis at pag-disinfect](#), kasama ang mga pag-iingat para sa paglilinis at pag-disinfect kung may sakit ang isang tao. Tingnan din ang aming mga tagubilin para sa Mga Ligtas at Naaprubahang Disinfectant para sa Paglilinis at Pag-disinfect na naka-post sa www.sfcddcp.org/covid19 sa ilalim ng [Mga Rekomendasyon sa Paglilinis](#).
- **Isulong ang hygiene.** Aktibong imensahe ang lahat ng indibidwal para pahusayin ang mga hakbang sa kalinisan (paghuhugas ng kamay, pag-iwas sa paghawak ng mata/ilong/bibig, pagtatakip ng mga pag-ubo at pagbahing). Maglaan ng mga tissue, hand sanitizer, at disinfecting wipe na madaling makukuha sa buong pasilidad. May mga [available](#) na napi-print na materyales.
- **Pag-isipang baguhin ang pagkakaayos sa lugar ng trabaho.** Ayusin ang kapaligiran ng trabaho para masunod ang mga alituntunin sa social distancing. Halimbawa, hikayatin ang pakikipag-ugnayan nang malayuan hangga't posible, batay sa mga tungkulin sa negosyo. Ang mga natitira sa lugar ng trabaho ay dapat magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa ibang indibidwal. Tingnan ang [karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatakbo ng iyong negosyo sa panahon ng pandemya](#).
- **Alamin ang iyong mga karapatan at responsibilidad.** Ang Departamento ng Patas na Trabaho at Pabahay ng California ay may [factsheet](#) tungkol sa paksang ito, at impormasyon tungkol sa mga batas ng estado na nagbabawal sa diskriminasyon sa mga empleyado batay sa pagiging positibo nila sa COVID-19.

MGA MADALAS ITANONG

1. Dapat ba akong humingi ng tala ng doktor o patunay ng pagsusuri sa COVID-19 sa aking empleyado?

Hinihikayat ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco ang mga employer na huwag manghingi ng sulat para manatili sa bahay o bumalik sa trabaho sa mga empleyado. Makikita ang impormasyong ito sa aming website sa: www.sfcddcp.org/covid19 sa ilalim ng “Pag-isolate sa Bahay at Pagbalik sa Trabaho.”

2. Dapat ba akong makipag-ugnayan sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan kung magpopositibo sa COVID-19 ang isang tauhan?

Kailangan mo lang makipag-ugnayan sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan kung 3 o higit pang empleyado ang magpopositibo sa loob ng 2 linggo. Makakaugnayan sila sa 415-554-2830.

3. Kung magpopositibo sa COVID-19 ang isang empleyado, pero wala siyang sintomas, kailangan bang pauwiin ang iba pang staff para mag-quarantine?

Ang sinumang empleyadong nagkaroon ng [close contact](#) sa naimpeksyong empleyado ay dapat mag-quarantine nang 10 araw at magpasuri. Kailangan ng mga close contact na kumpletuhin ang kanilang pag-quarantine kahit magnegatibo sila sa pagsusuri. Dahil posibleng hindi maalala ng ibang empleyado kung gaano katagal nilang nakasalamuha ang kaso nang may layong wala pang 6 na talampakan, isaalang-alang ang iba pang salik na magpapalaki sa panganib kapag nagtatasa kung nagkaroon ba ng close contact:

- Distansya sa ibang tao (kung mas malapit sila, mas malaki ang panganib)
- Kung may mga sintomas ba ang naimpeksyong indibidwal (nauugnay ang panahon ng pagsisimula ng mga sintomas sa pinakamatataas na antas ng shedding ng virus)
- Ang ginagawa ng naimpeksyong indibidwal. Posibleng mas malaki ang posibilidad ng hawahan sa ilang gawi, gaya ng pag-ubo, pagkanta, pagsigaw, o pagsasalita.
- Mga salik sa kapaligiran gaya ng dami ng tao, pagiging sapat ng bentilasyon, at kung indoors o outdoors ba ang pagkakalantad.

4. Kung marami akong empleyado na kumikilos nang may layong wala pang 6 na talampakan sa isa't isa nang ilang beses sa isang shift (halimbawa, sa hallway sa pagitan ng kusina ng restaurant at dining room), lahat ba sila ay itinuturing na close contact?

Gaya ng ipinaliwanag sa itaas, kapag sinabing [close contact](#), dapat ay nakasalamuha nang 15 minuto sa *kabuuan*. Dapat magtulungan ang mga employer at empleyado, sa abot ng kanilang kaalaman, pagdating sa pagkalkula ng oras at distansya sa proseso ng pagtukoy ng mga close contact. Sumangguni sa mga salik sa nakaraang tanong para sa karagdagang gabay.

5. Nalantad ang isang empleyado sa isang roommate na nagpositibo sa pagsusuri. Kailangan din bang mag-quarantine ng lahat ng staff na nakatrabaho ng nalantad na empleyado sa nakalipas na 1-2 araw? Kailangan ba nilang magpasuri?

Hindi. Ang empleyadong may roommate na nagpositibo sa pagsusuri ay itinuturing na close contact at kailangang mag-quarantine at magpasuri. Hindi kailangang mag-quarantine o magpasuri ng mga katrabaho ng naturang empleyado. Walang kinakailangan para sa pagsusuri o pag-quarantine ng “mga close contact ng mga close contact.”

6. Pinapayagan bang magbukas ang mga break room ng mga empleyado?

Ang [Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07s](#) at [Direktiba sa Mga Opisina](#) noong Enero 27, 2021 ay nagbibigay ng komprehensibong gabay para sa mga break room ng mga empleyado kasama ang sumusunod:

- Hindi dapat hikayatin ng Mga Pasilidad ng Opisina na magsabay-sabay ang Mga Tauhan sa mga cafeteria o breakroom para kumain.

- Ang bilang ng mga tao sa mga breakroom ng mga empleyado ay dapat ang mas kaunti sa sumusunod: (a) 25% ng maximum na occupancy; o (b) bilang ng mga taong ligtas na makakapagpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang layo sa isa't isa sa lahat ng pagkakataon.
- Mga kinakailangan sa pagpapaskil ng karatula sa mga break room tungkol sa mga panuntunan at regulasyong nauugnay sa COVID-19.

7. Ipapaalam ba sa akin (employer) kung magpopositibo sa COVID-19 ang isang empleyado?

Sasabihin sa iyo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan kung matutukoy ng empleyado mo ang iyong lugar ng trabaho bilang ang lugar kung saan siya malamang na nalantad, o kung nagkaroon siya ng close contact sa mga katrabaho sa loob ng 48 oras bago siya magkaroon ng mga sintomas o magpositibo sa COVID-19. Kung sa trabaho nakuha ng iyong empleyado ang virus o kung wala siyang naging close contact sa kanyang mga katrabaho, dapat ipaalam sa iyo ng empleyado mong kailangan niyang mag-isolate.

8. Ano ang contact tracing? Ano ang ibig sabihin nito para sa akin at aking mga empleyado?

- Puwede tayong makatulong na maiwasan ang transmisyong COVID-19 sa pamamagitan ng contact tracing na nakakatulong na matukoy ang mga taong posibleng nalantad dito at pagtulong sa kanila na mag-quarantine para hindi nila aksidenteng maikalat ang sakit. Ang Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, sa pakikipagtulungan sa komunidad, ay tumutulong sa pagtukoy ng mga taong nagkaroon ng close contact sa sinumang may COVID-19. Puwedeng maipasa ng mga tao ang virus 48 oras bago pa sila magkaroon ng mga sintomas. Ang ilang tao ay hindi nagkaroon ng mga sintomas at puwede pa ring makapagpasa ng virus.
- Tumulong na tiyakin ang kalusugan ng iyong mga empleyado at ating komunidad. Panatilihin ang attendance/mga iskedyul ng lahat ng tauhan sa iyong organisasyon sa loob ng hanggang tatlong linggo. Inirerekomendang magpanatili ang mga organisasyon ng listahan ng mga handang boluntaryong ibigay ang kanilang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga layunin ng contact tracing. Hindi na dapat gamitin ang anumang listahan pagkatapos ng tatlong linggo. Hindi inaatasan ang mga kliyente na magbigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Kung may empleyadong magpopositibo sa COVID-19, dapat tulungan ng organisasyon ang Departamento ng Pamublikong Kalusugan sa pagtukoy sa iba pang tauhan o kliyente, tagatangkilik, atbp. na posibleng nalantad.
- Puwedeng makipag-ugnayan sa iyo o sa ilan sa mga tauhan ang Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, na siyang gagabay sa iyo sa mga susunod na hakbang. Hihingin nila sa iyo o sa mga tauhan mo ang iyong pangalan, numero ng telepono, at tirahan.

9. Paano ko matutulungan ang aking mga nagka-quarantine na empleyado? Nahaharap sila sa mga pinansyal na problema.

- Ipaalam sa iyong mga empleyado na posibleng mayroon silang bayad na sick leave o iba pang proteksyon sa trabaho sa ilalim ng batas ng pederal at lokal kung magpopositibo sila, hihilingin sa kanilang mag-quarantine, o hihilingin sa kanilang mag-isolate ng sarili para sa COVID-19.
- Ipaalam sa iyong empleyado ang tungkol sa mapagkukunan tungkol sa Mga Madalas Itanong para sa Mga Manggagawang Dapat Mag-isolate o Mag-quarantine Dahil sa COVID-19 na nasa www.sfcddcp.org/covid19 sa ilalim ng “Pag-isolate at Pag-quarantine.”
- Sabihin sa iyong empleyado na bisitahin ang website ng CA Notify (<https://canotify.ca.gov/>) para malaman kung paano siya puwedeng magdagdag ng app sa kanyang smartphone na gumagamit ng teknolohiya ng Bluetooth para malaman kung malapit ka at ang iyong telepono sa ibang taong mayroong COVID-19 para makatulong na mapigilan ang pagkalat ng virus sa ating komunidad.

10. Kailan puwedeng bumalik sa trabaho ang isang empleyadong nagpositibo sa COVID-19?

- Iba't iba ang sitwasyon kung kailan puwedeng bumalik ang isang empleyado sa trabaho. Pakitingnan ang Pansamantalang Gabay: Pag-alis sa Pag-isolate o Pagbalik sa Trabaho para sa Mga May Kumpirmado o Pinaghihinalang COVID-19.
- Hindi kailangang magpasuri ng empleyado para makabalik sa trabaho.

11. Paano kung may mga sintomas ang isang empleyadong nagpositibo sa pagsusuri?

Kung may mga sintomas ang empleyadong nagpositibo sa COVID-19, hindi puwedeng bumalik ang empleyadong iyon sa trabaho hanggang sa maging totoo ang LAHAT NG TATLO sa sumusunod:

- 10 araw matapos magsimula ang mga sintomas AT
- Bumuti na ang mga sintomas AT
- 24 na oras nang walang lagnat, nang hindi umiinom ng gamot na pampababa ng lagnat

Kung WALANG sintomas ang “naimpeksyong empleyado” (empleyadong nagpositibo sa COVID-19), puwedeng bumalik sa trabaho ang empleyadong iyon 10 araw matapos makuha ang positibong pagsusuri.

12. Inabisuhan ng isang customer na kamakailang bumisita sa isang retail store na nagpositibo siya sa pagsusuri. May talaan ang store ng kung sino ang nagtatrabaho noong bumisita ang customer. Kailangan ba ng staff na nagtatrabaho sa oras na iyon ng pagbisita na mag-quarantine o magpasuri?

Siguro - depende kung nagkaroon sila ng close contact. Hangga't posible, hindi dapat nagkakaroon ang staff ng close contact sa mga customer, sa pamamagitan ng paglimita sa mga ugnayan nang may layong wala pang 6 na talampakan sa minimum na tagal na kinakailangan para magawa ang dapat gawin. Kung nagkaroon ang isang miyembro ng staff ng close contact sa customer, kakailanganin niyang mag-quarantine nang 10 araw at magpasuri.

13. Sa ilalim ng mga kinakailangang ito, marami sa aking mga empleyado ang dapat mag-quarantine, at nababahala akong kailangan kong isara ang aking negosyo. Ano ang puwede kong gawin?

Ang pandemyang ito ay isang pagsubok na ngayon lang naranasan sa buong mundo, at ginagawa nating lahat ang ating makakaya para makasagip ng buhay. Tiyaking gagamitin mo at ng iyong mga empleyado ang [pinansyal at iba pang suporta](#) na available sa kasalukuyan.

14. May tulong ba kaugnay ng COVID para sa mga employer na may staff na kailangang mag-leave dahil sa COVID-19?

Ang Batas sa Pinagsamang Paglalagaan (Consolidated Appropriations Act) 2021 ay [nag-extend ng mga credit sa buwis ng mga employer](#) para sa bayad na sick leave at pinalawak na pampamilya at medikal na leave na boluntaryong ibinigay sa mga empleyado hanggang sa Marso 31, 2021. Gayunpaman, hindi na-extend ng Batas na ito ang karapatan ng isang kwalipikadong empleyado sa leave sa ilalim ng Batas sa Pagtugon sa Coronavirus Nang Inuuna Muna ang Mga Pamilya (Families First Coronavirus Response Act, FFCRA) pagkalipas ng Disyembre 31, 2020.

15. Kung nagpabakuna na laban sa COVID-19 ang isang empleyado, at nagkaroon siya ng close contact sa isang taong nagpositibo o nagpakita ng mga sintomas ng COVID-19, magbasa pa tungkol sa kung kailangan niya bang mag-quarantine sa www.sfcddcp.org/quarantineaftervaccination.

Ang bakuna ang isa sa mga pinakamahalagang paraan para mawakasan ang pandemya. Sinuri ng Pangasiwaan para sa Gamot at Pagkain (Food and Drug Administration, FDA), CDC, pati na rin ng sariling Scientific Safety Review Workgroup ng California ang lahat ng data mula sa mga klinikal na pagsubok para matiyak ang kaligtasan at pagiging mabisa ng lahat ng bakuna laban sa COVID-19. **Kapag available na sa iyo ang bakuna, kumilos para sa iyong kalusugan, para sa kalusugan ng mga mahal mo sa buhay, at para sa kalusugan ng iyong komunidad at magpabakuna.** Ang mga unang bakunang naaprubahan sa US ay humigit-kumulang 95% mabisa sa pagpigil sa sakit na dulot ng COVID-19, gayunpaman, hindi natin alam kung gaano kahusay na mapipigilan ng mga ito ang mga impeksyong hindi nagdudulot ng mga sintomas. Nangangahulugan itong hindi natin alam kung gaano karaniwan para sa isang taong nagpabakuna na magdala ng virus at maipasa ito sa ibang tao, kabilang ang [mga taong may mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit o pagkamatay](#). Samakatuwid, napakahalaga pa rin para sa mga nabakunahan, at para sa natitirang populasyong naghihintay para sa kanilang mga bakuna, na magpatuloy sa paggamit ng lahat ng tool na available upang makatulong na mawakasan ang pandemyang ito: pagsusuot ng mask na tumatakip sa inyong bibig at ilong kapag nasa labas ng inyong bahay, pag-iwas sa mga pagsasama-sama/pagtitipon, pag-iwas sa pananatili sa loob ng mga gusali kasama ang mga taong hindi ninyo kasama sa bahay, pagpapanatili ng 6 na talampakang layo sa ibang tao, at paghuhugas ng inyong mga kamay pagkatapos hawakan ang mga bagay na ginagamit din ng iba o pagkatapos hawakan ang inyong mukha. Alamin ang higit pa tungkol sa bakuna, kasama ang kung saan at kailan ito makukuha sa: sf.gov/covidvax

16. Ano ang CA Notify?

Ang CA Notify (canotify.ca.gov) ay isang app na puwede mong idagdag sa iyong smartphone. Gumagamit ito ng teknolohiya ng Bluetooth upang malaman kung malapit kayo at ang inyong telepono sa ibang taong mayroong COVID-19 upang makatulong na mapigilan ang pagkalat ng virus sa ating komunidad. Kung gumagamit kayo ng CA Notify at nagpositibo kayo sa inyong pagsusuri, hindi ibabahagi sa ibang tao ang inyong diagnosis. Gayunpaman, kung naka-enroll din sa app ang iba pang taong nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa inyo, ipapaalam sa kanilang nalantad sila. Ipapaalam sa kanila ang petsa ng pagkakalantad, pero hindi ang oras, lokasyon, o pagkakakilanlan. Kung gumagamit kayo ng CA Notify at nalantad kayo sa isang taong nagpositibo sa pagsusuri at inilagay niya ang kanyang resulta sa app, ipapaalam sa inyo ang petsa ng pagkakalantad, pero hindi ang oras, lokasyon, o pagkakakilanlan.

Available ang CA Notify sa pamamagitan ng Apple at Google. Tingnan ang canotify.ca.gov para sa higit pang impormasyon.

17. Kung may mga tanong pa ako, kanino ako puwedeng magtanong?

Nag-set up ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco ng email sa workplacesites@sfdph.org at ng telepono sa 628-217-6381 na naglalayong suportahan ang mga negosyo.

MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Para sa Mga Manggagawa

- [Pansamantalang gabay: Pag-alis sa pagkaka-isolate o pagbalik sa trabaho para sa mga kumpirmado o pinaghihinalaang may COVID-19 \(San Francisco\)](#)
- [Mga madalas itanong para sa mga manggagawang dapat mag-isolate o mag-quarantine dahil sa COVID-19 - naka-post sa \[www.sfcddcp.org/covid19\]\(http://www.sfcddcp.org/covid19\) sa ilalim ng “Pag-isolate at Pag-quarantine” \(San Francisco\)](#)

Para sa Mga Employer

- [Cal/OSHA: Mga Outbreak at ang “Nakalantad na Lugar ng Trabaho”](#)
- [COVID-19: Kaligtasan sa Paglilinis at Pag-disinfect at Mga Naaprubahang Disinfectant \(San Francisco\)](#)
- [Contact tracing \(Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California\)](#)
- [Kahulugan ng “close contact” \(Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit ng US\)](#)
- [Pangkalahatang impormasyon tungkol sa diskriminasyon sa lugar ng trabaho. \(Komisyon ng U.S. sa Patas na Oportunidad sa Trabaho\)](#)
- [Mga napi-print na karatula at flier para sa lugar ng trabaho \(Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit ng US\)](#)
- [Toolkit para sa outreach ng San Francisco para sa Coronavirus \(COVID-19\)](#)

Para sa Kapwa Manggagawa at Employer

- [Mga loan, benepisyo, bayad kapag may sakit, at iba pang resource para sa mga negosyo at empleyadong apektado ng COVID-19 \(San Francisco\)](#)
- [Mga benepisyo, karapatan, at proteksyon para sa mga employer at manggagawa \(Ahensya sa Paggawa at Pag-unlad ng Mga Manggagawa sa California\)](#)